Series of 2007

Panimulang Aklat sa Pamamagitan

Panimulang Aklat sa Pamamagitan

MEDIATION

Produced by:
Bureau of Agrarian Reform Information and Education (BARIE)
Communications Development Division (CDD)

Source:

Modules on Mediation
Bureau of Agrarian Reform Information and Education



Ano ang Mediation o Pamamagitan?

Ang *mediation* o pamamagitan ay isang boluntaryong paraan ng magkahidwaang partido, kung saan pumipili sila ng Tagapamagitan na siyang nagpapadaloy ng pag-uusap at negosasyon upang tulungan silang maabot ang boluntaryong kasunduan o kapwa katanggap-tanggap na kalutasan ng kanilang problema o hidwaan.

Ang *mediation* ay tulad rin ba ng *conciliation*?

Hindi. Ang *conciliation* o pakikipagkasundo ay proseso kung saan ang pangatlong partido ay tumututong sa pagbibigay ng mga solusyon na maaaring pagkasunduan ng magkatunggaling partido. Subalit ang desisyon ay manggagaling pa rin sa magkasigalot na partido.

Sa Departamento ng Repormang Agraryo o DAR, ang Pamamagitan at Pakikipagkasundo ay magkasama sapagkat ang Tagapamagitan ang nagbibigay ng suhestiyon na naaayon sa batas pang-agraryo.

Ang pamamagitan at pakikipagkasundo ba ay uri ng Alternative Dispute Resolution (ADR)?

Oo. Ang pamamagitan at pakikipagkasundo ay isa sa mga uri ng *Alternative Dispute Resolution* dahil sa pamamaraan ng pagsasagawa nito kung ihahambing sa litigasyon o paghuhusga ng pangatlong partido.

Alternative Dispute Resolution— anumang proseso o pamamamaraang ginagamit sa paglutas ng isyu o sigalot, kung saan ang paglahok ng ikatlong partido ay patas, upang makatulong sa paglutas ng isyu. *(R.A. 9285, series of 2004)*

Paano isinasagawa ang *arbitration*?

Ang arbitration o paghuhusga ay isang legal na alternatibo sa litigasyon kung saan ang magkahidwaang partido ay naglalahad ng kanya-kanyang impormasyon at posisyon sa pangatlong partido o arbiter, at batay sa mga impormasyong nakalap at pagsisiyasat sa kaso, ang arbiter ay gagawa ng pasiya.

Anu-ano ang pagkakaiba sa pamamaraang pamamagitan at pamamaraang paghuhusga?

Ang pangunahing pagkakaiba sa pamamaraang pamamagitan ay nakatuon sa kung papaano ang magkahidwaang partido ay magkakasundo sa solusyon ng kanilang hidwaan o problema.

Samantalang sa pamamaraang paghuhusga, ang arbiter ang gagawa ng pasiya sa paglutas ng hidwaan matapos na ang magkahidwaang partido ay makapagbigay ng kaniya-kaniyang mga testimonya at ebidensya.

Ano ang mga proseso sa pag-aapela ng isyu sa DAR?



Saan pa maaaring iapela ang isyu o reklamo kung ito ay hindi naging matagumpay hanggang DARPO?

Maaari rin iapela ang isyu o reklamo sa DAR Adjudication Board (DARAB) ng probinsya, o ng region, o ng Central Office nito.

Kung hindi parin naging matagumpay sa DARAB, maaari rin na iapela ang isyu sa Court of Appeals at Supreme Court.



Ang mga sumusunod ay ilan pa sa mga pagkakaiba ayon sa ibang aspeto nito:

Aspeto	Pamamagitan	Paghuhusga
Nagpapasya	Parehong Partido	Arbiter
Ugnayan ng Partido	Nagtutulungan	Nagkakagalit
Paraan	Di-pormal	Medyo pormal
Negosasyon	Nagtutulungan at Nagkakasundo	Mahirap Pagkasunduin
Tuon	Sa hinaharap	Sa nakaraan
Daloy ng Usapan	Maayos	Naghahadlan-gan
Tagal ng Usapin	Maigsi	Katamtaman
Paglalantad	Pribado	Pribado
Halaga	Matipid	Matipid
Resulta	Parehong Panalo	Panalo at Talu-nan
Emosyon	Wala nang pagkabahala	Patuloy ang pagkabahala

Kailan *hindi ginagamit* ang pamamagitan at pakikipagkasundo sa usaping agraryo?

Ang paggamit ng pamamagitan at pakikipagkasundo sa paglutas ng hidwaan sa agraryo ay hindi maaari sa mga sumusunod na isyu o kaso:

Halaga ng lupa
mga usapin na may kinalaman sa pagturing o halaga ng makatuwirang kabayaran para sa lupa;

Usapin
na maaaring itakda ng Kalihim ng Kagawaran ng Repormang Agraryo (DAR) na labas sa pamamagitan, o pakikipagkasundo o kompromiso;

Partido
kung ang kasangkot sa hidwaan ay isang pampubliko o pribadong korporasyon, sosyohan, asosasyon o taong likhang-batas *(juridical person)*, o pampublikong opisyal o empleyado at ang hidwaan ay tungkol sa pagtupad ng kanyang opisyal na tungkulin; at

Administratibong usapin
hinggil sa pagpapatupad ng batas sa repormang agraryo, patakaran, gabay o pamamalakad.

Maaari bang i-apela ang isyu sa DAR kung ang Pamamagitan ay hindi naging matagumpay sa BARC?

Kung ang Pamamagitan ay hindi nagtagumpay sa BARC, maaaring i-apela ang isyu sa Tanggapan ng MARO upang dito muli isagawa ang Pamamagitan.

Kung hindi parin nagkaroon ng maayos na kasunduan matapos ang Pamamagitan ng MARO, maaari parin itong i-apela sa DAR Provincial Office, upang muling isagawa ang Pamamagitan ng isang Legal Officer.

Bakit mahalaga na ang mga partido ay magkaroon ng kasunduan agad sa ilalim ng BARC o MARO?

Magiging malaki ang abala sa bawat partido at maaaring magtagal pa ang hidwaan kung hindi ito magkakaroon ng kasunduan o pagkakasunduan sa lebel ng BARC o ng MARO.

Kung kaya ang BARC at MARO ay dapat lubusan ang pagpupunyagi sa paghihikayat ng mga partido para magkaroon ng matiwasay na kasunduan o pagkakasunduan, upang ang isyu o reklamo ay hindi na i-apela o i-akyat pa sa Tanggapan ng DARPO o korte.

- ***Kaalaman hinggil sa isyu o kaso***

  Ito ay isa sa mga paghahandang gagawin ng Tagapamagitan bago ang araw ng paghaharap, upang matukoy niya ang dapat na paraan kung papaano isasagawa ang pamamagitan.

- ***Makatarungan at makatuwiran***

  Ang pagbibigay ng pantay na pagkakataon na maipakita ang bawat panig at posisyon ng mga partido.

Sino-sino ang maaaring maging Tagapamagitan sa usaping agraryo?

Kahit sino ay maaaring maging Tagapamagitan kung siya ay nabibilang sa mga sumusunod:

- Opisyal ng Barangay Agrarian Reform Committee (BARC);
- Municipal Agrarian Reform Officer ((MARO);
- Legal Officer; o
- Para-legal Officer o sino man na nakapagtapos sa pagsasanay ng Pamamagitan na aprubado ng DAR.

Kailan naman maaaring isagawa ang pamamagitan?

Maaaring isagawa ang pamamagitan kapag:

May hidwaan sa pagitan ng dalawa o higit pang partido;

Umaayon ang bawat partido na magkaroon ng Tagapamagitan para sa patas na paglutas ng kanilang hidwaan o problema;

Nakahandang magkaroon ng kasunduan ang bawat partido upang malutas ang kanilang hidwaan o problema; at

Ang hidwaan o problema ay maaaring malutas sa paraang naaayon sa pamamagitan.

Anu-ano ang mga Merito ng pamamagitan?

M*atipid na paraan*
hindi kailangan ang isang propesyunal na abugado at makakaiwas sa mahabang panahon na litigasyon sa korte.

Mabilisang pag-aayos
sa pamamagitan ng negosasyon ay agarang maiaayos ang hidwaan o problema kumpara sa korte na may mahabang proseso simula sa pagdinig hanggang sa paghusga at apela sa mas mataas na hukuman.

May kasunduang kapwa katanggap-tanggap
mas palagay at sangayon ang magkahidwaan sa kasunduang kapwa sila ang nagtakda, kaysa sa husga o hatol na ipinataw ng hukom, hurado o arbiter.

Mas mataas ang pag-asa na maisakatuparan
ang magkahidwaan ang tiyak na magtataguyod ng kasunduan dahil sila ang nagbigay nito. Hindi gaya ng sa korte, na ang pagpapatupad ng desisyon ay ayon sa iniatas nito.

Mas komprehensibo at angkop na solusyon
isinasaayos nito hindi lamang ang tunay na isyu/problema maging ang kanilang pansariling problema at relasyon ay maaari ring maisaayos. Ito ay angkop sapagkat ang solusyon ay batay sa interes ng bawat partido. Habang sa litigasyon at paghuhusga, ang paglutas ng hidwaan o problema ay ayon sa tunay o substantibong isyu lamang.

Anu-ano ang mga katangian ng isang Tagapamagitan?

- ***Handa sa kasanayan ng pamamagitan***

  Sa pagsasagawa ng pamamagitan ay maraming mga kasanayan (skills) at pamamaraan na hinihingi ng pagkakataon, kung kaya dapat na laging handa. Gaya ng paghihimay ng isyu o problema, paglalagom ng mga usapan at posisyon, tamang tayming o panahon kung kailan dapat ihihinto ang usapan o diskusyon, at iba pa.

- ***May positibong pananaw***

  Ang mga magagandang paguugali ng isang Tagapamagitan ay dapat na maipakita gaya ng pagiging mahinahon at matiyaga

- ***Mapaniniwalaan***

  Mahalaga rin na siya ay paniniwalaan, may magandang rekord, matapat, at mapagkakatiwalaan.

- ***Walang pinapanigan o kinikilingan***

  Ang Tagapamagitan ang tumatayong nasa gitna ng magkahidwaang partido, kaya dapat lamang na maging pantay o patas ang kanyang pagtingin sa bawat partido at walang kakampihan.

Tinatakwil ang di-mabuting interes

Ang Tagapamagitan ay hindi umaayon sa ano mang interes na makakaapekto o makakasira sa pagiging patas na pamamagitan.

Agad pagtanggi sa pagbibigay ng desisyon

Ang pamamagitan ay nakasalalay sa boluntaryo at malayang pag-uusap at pag-aayos. Kaya di kinakailangan na ang Tagapamagitan ay magbigay ng kanyang desisyon ukol sa isyu o problema.

Nag-iingat ng lihim

Ang mga impormasyon o napagusapan ng bawat partido sa proseso ng pamamagitan ay pawang lihim na dapat ingatan ng Tagapamagitan, maliban kung ito ay binibigyan ng pahintulot ng partido o hinihingi ng batas.

Maaaring gawin Kahit anong oras naisin

walang pinipiling oras ng pagsasagawa nito, basta ito ay ayon sa napagkasunduan ng bawat partido at ng Tagapamagitan.

Mananatiling lihim ang mga napag-usapan

ang mga naging usapan ay hindi nakalalabas o malalaman ng iba. Ang mga partido at Tagapamagitan lamang ang nakakaalam nito.

Makakasiguro na patas

ang solusyon ng bawat partido ay kapwa positibo sa kanila, kaya pareho sila ang panalo.

Maisasaayos sa dati ang nasirang pagsasamahan

Makakatulong na mabawasan ang maraming nakabinbin na kaso sa korte

ang hidwaan o problema ay maaaring malutas sa paraang pamamagitan upang ito ay hindi na maiakyat sa korte.

Anong kaalaman at kasanayan ang dapat na mayroon ang isang Tagapamagitan?

Mahalaga na may sapat na kaalaman at kasanayan ang isang Tagapamagitan lalo higit sa mga sumusunod:

Kaalaman sa sigalot;

Kaalaman sa batas hinggil sa repormang agraryo at iba pang batas;

Kasanayan sa epektibong komunikasyon

Kasanayan sa negosasyon; at

Kaalaman at kasanayan sa pamamagitan

Malinaw at bukas-loob na impormasyon

Ang Tagapamagitan ay laging bukas at handang magbigay ng malinaw na impormasyon sa mga partido.

Angkop at nauunawaan

Sinisigurado nito na ang mga alituntunin, proseso, at obligasyon ay angkop at malinaw sa bawat partido hanggang matapos ang pamamagitan. Ipinaliliwanag ng mabuti ng Tagapamagitan sa bawat partido ang kahalagahan ng pamamagitan, mga hakbangin, pamantayan, at ang kani-kanilang mga obligasyon.

Ginagawang magaan at madali ang proseso

Ang Tagapamagitan ay nagsisilbing tulay at gabay sa paguusap ng bawat partido upang ang kalutasan sa isyu o problema ay mapadali at mapagaan sa bawat isa.

Isinasagawa ang pamamagitan ayon sa batas

Ang bawat proseso ng pamamagitan ay isinasagawa ayon sa mga batas na sumasaklaw dito. Kung ang isyu ay ayon sa pang-agraryo, ang batas na sumasaklaw dito ay ang Agrarian Reform Law.

Ano ang mga alituntunin sa Pamamagitan?

Propesyonal sa pagsasagawa ng pamamagitan

Ang Tagapamagitan ay magalang at may magandang-kalooban maging sino man ang kanyang kaharap. Napapanatili nito ang pagiging mahinahon at responsible sa kanyang gawain.

Agresibong sumasang-ayon at tumutupad sa mga alituntunin at regulasyon ng pamamagitan

Ang mga pamantayan at alituntunin ng pamamagitan ay sinasang-ayunan at ganap na sinusunod nito.

Matapat at makatarungan.

Ang Tagapamagitan ay napapanatili ang kanyang pagiging matapat at patas sa lahat ng oras.

Adhikaing mapaunlad ang sariling kaalaman at kasanayan.

Ang Tagapamagitan ay humahanap ng mga pagkakataon kung papaano niya malilinang ang kanyang kaalaman at kasanayan sa pagsasagawa ng pamamagitan, gaya ng negosasyon, epektibong pagpapadaloy ng komunikasyon o pakikipag-usap, kasanayan sa pagtukoy sa isyu o problema, pamamagitan, at iba pa na makakatulong sa pagsasagawa ng pamamagitan.

Ano ang balangkas ng pamamagitan?



Paano isinasagawa ang mga proseso ng pamamagitan?

Ang pamamagitan ay may anim (6) na pangunahing hakbang na dapat sundin ng Tagapamagitan:

1. **Paghahanda sa Pamamagitan**
   - Pakikipanayam sa partido;
   - Pagpapaliwanag ng layunin at proseso;
   - Pagsasaayos ng lugar, petsa, oras at mga taong lalahok sa proseso

2. **Pambungad na Pananalita**
   - Paunang salita
   - Paglilinaw sa mga inaasahan (papel, layunin at proseso)
   - Pagbuo ng mga alituntunin

3. **Pagbabahagi ng partido ukol sa isyu o problema**
   - Pagpili kung sinong partido ang mag-uumpisa
   - Pagtatanong ng *open-ended question*
   - Pakikinig at pag-intindi ng mga punto
   - Pagsasalin ng mga di-magagandang salita sa maayos at positibong salita
   - Pagbubuod ng mga isyu at interes

   - Paglilinaw ukol sa impormasyon o isyu
   - Ulitin ang mga hakbang para sa kabilang partido

4. **Pagbubuod ng isyu**
   - Paglalahad ng pinal na buod ng mga isyu at posisyon na inihayag ng lahat ng panig sa patas na paraan
   - Pagtiyak sa pag-sangayon ng lahat ng panig sa mga isyu at interes na nais nilang matugunan sa proseso ng pamamagitan

5. **Pagresolba ng isyu**
   - Pagpili sa isyu na unang ireresolba
   - Pagbalangkas ng isyu
   - Pagsisiyasat sa isyu at mga interes
   - Paglikha ng mga pamantayan
   - Paglikha ng mga solusyon o alternatibo
   - Pagsusuri at pagpili ng mga solusyon o alternatibo
   - Ulitin ang proseso para sa iba pang isyu

6. **Pagtatapos**
   - Pagsasama at pagsasalin ng mga solusyon sa isang kasunduan
   - Paglikha ng mga pamamaraan para sa pagpapatupad ng kasunduan.